



Sa Paggawa ng Sama-sama, Mababawasan Natin ang Panganib ng Baha.




Ang mga sistema ng drainage (lagusan ng tubig) tulad ng mga estero, bambang, at alkantariya na matatagpuan sa buong Lalawigan ng San Diego ay dinisenyo upang mabawasan ang pagbaha sa pag-aari at panatilihin ang ligtas at pwedeng daanan ang mga pampublikong kalsada sa pamamagitan ng paglilipat ng mga sobrang stormwater sa mga malapit na sapa, ilog, at karagatan. Ang mga namuong latak, mga halaman at mga dumi sa sistema ng drainage ay mabilis na maaaring maging sanhi ng pagbabara ng stormwater, na hahantong sa pagbaha. Dahil dito, ang regular na pagpapanatili ay kailangan upang matiyak ang pinakamaayos na paggana ng mga ito.

Depende sa mga lokasyon ng mga ito, ang mga sistema ng drainage ay maaaring pinapanatili ng publiko o ng pribadong may-ari tulad ng residente o ng isang Homeowners Association (HOA) o Asosasyon ng mga May-ari. Ang Department of Public Works (DPW) o Kagawaran ng mga Pagawain ng Lalawigan ay patuloy na nagpapakilos ng mga tauhan nito sa pagpapanatili ng lugar para linisin ang mga sistema ng drainage na pinananatili ng Lalawigan na nasa di-inkorporadong bahagi ng Lalawigan. Pinananatili ng mga inkorporadong siyudad ang mga pampublikong sistema ng drainage na nasa kanilang hurisdiksyon. Ang mga sistema ng drainage na pinananatili ng publiko ay kadalasang nasa mga kalsada at bangketa ngunit maaaring hindi lahat. Ang mga impormasyong kasama sa polyetong ito ay nilayon para tulungang tukuyin kung ang pagpapanatili ng mga sistema ng drainage ay responsibilidad ng isang pribadong may-ari ng pag-aari o ng ahensya ng publiko.

Ano ang maaari ninyong gawin?

- 1** Pinapayuhan ang mga may-ari ng pag-aari na mag-inspeksyon at maglinis ng mga pribadong sistema ng drainage bago ang bawat panahon ng tag-ulan (Okt.-Abr.) at pagkatapos ng mga pagbagyo upang maiwasan ang panganib ng pagbaha.
- 2** Makipagtulungan sa inyong mga kapitbahay at/o HOA para linisin ang mga pribadong sistema ng drainage.

Paano matutukoy kung ang drainage ay Publiko o Pribado:





Mga paraan para matukoy kung sino ang responsable. →

Mga paraan para matukoy ng mga may-ari ng pag-aari ang mga responsibilidad.

Hanapin sa Online Survey Records System (Sistema ng Pagtatala ng Online Survey)

Ang Lalawigan ay nagpapanatili ng online tool na nagbibigay ng pagkakataon sa mga residente na makita ang mga plano at drawing tungkol sa pag-aari. **Bisitahin ang srs.sandiegocounty.gov** i-click ang Tipsheet, o **tumawag sa (858) 694-3253** para sa karagdagang impormasyon kung paano gamitin ang Survey Records System.

Tingnan ang pahina ng Titulo ng Mapa o Plano para **matiyak kung tinanggap ng Lalawigan ang easement**. Posibleng ipakita sa mapa ang easement sa drainage ngunit hindi tinanggap ng Lalawigan. Kung ipinapakita ng tala ng pahina ng Titulo na ang easement ay **TINANGGIHAN**, ang responsable sa pagpapanatili ng sistema ay ang may-ari ng pag-aari. (May bayad ang pag-download ng mga pahina ng mapa at plano.)



CL na Simbolo = Center Line (Sentrong Linya)

Karaniwang lengguage ng pagtanggap :	Karaniwang lengguage ng pagtanggi :
I, _____, CLERK OF THE BOARD OF SUPERVISORS OF THE COUNTY OF SAN DIEGO, CERTIFY THAT SAID BOARD OF SUPERVISORS HAS APPROVED THIS MAP, HAS ACCEPTED ON BEHALF OF THE PUBLIC, FOR USE AS STREETS, TOGETHER WITH THE RIGHT TO EXTEND AND MAINTAIN DRAINAGE FACILITIES, EXCAVATION AND EMBANKMENT SLOPES BEYOND THE LIMITS OF SAID RIGHT-OF-WAY, ALL AS DEDICATED ON SAID MAP AND ACCEPTANCE INTO THE MAINTAINED SYSTEM IS SUBJECT TO IMPROVEMENT, AND HAS ACCEPTED ON BEHALF OF THE COUNTY, THE DRAINAGE EASEMENTS AND THE EASEMENTS FOR PEDESTRIAN AND EQUESTRIAN TRAIL PURPOSES, ALL AS DEDICATED ON SAID MAP, AND HAS ACCEPTED ON BEHALF OF THE COUNTY, THE CLEAR SPACE EASEMENT, ALL AS GRANTED ON SAID MAP.	I, _____, Clerk of the Board of Supervisors of the County of San Diego, hereby certify that said Board of Supervisors has approved this map; has accepted on behalf of the public _____ and the sewer easements, as dedicated on said map, and has rejected on behalf of the public the drainage easements offered for dedication on said map. (NOTE: Section 11616 of the Business and Professions Code of the State of California provides that a rejected offer of dedication shall remain open and subject to future acceptance by the County.) Dated <u>April 26, 1960</u> _____, Clerk of the Board of Supervisors By _____ Deputy

Bisitahin ang County Operation Center (Sentro ng Operasyon ng Lalawigan)

5510 Overland Ave., San Diego, CA – 2nd Floor Cartographic Services (Serbisyo ng Kartograpiya).

Maaari kayong magresearch ng mga tala sa mga opisina ng Lalawigan at makakuha ng tulong. May bayad ang pag-print ng mga kopya ng mapa at plano.

Mga Opsyonal na tool na makakatulong sa inyong research.

Suriin ang Inyong Ulat sa Titulo

Ang ang inyong Ulat sa Titulo (Title Report) ay kasama sa mga papeles noong binili ninyo ang pag-aari. Nagpapakita ito ng anumang kasalukuyang easement sa pag-aari noong panahong binili ito. Kung kailangan ninyo ng bagong ulat, maaari kayong gawan ng anumang kompanya ng Titulo. Maaaring may babayaran para gumawa ng bagong ulat. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng kung paano ang magiging hitsura ng easement ng Lalawigan sa Ulat sa Titulo:

“...an easement for drainage purposes recorded xx date, as Book __, Page __ of Official Records in favor of the County of San Diego over a strip of land __ feet wide lying within Section...” (“...ng easement para sa kadahilanan ng drainage na nakatala sa xx petsa, sa Librong __, Pahina ng Opisyal na Tala nang nasa pabor ng Lalawigan ng San Diego tungkol sa parte ng lupa na may __ talampakan ang lapad na nasa Seksyon...”)

Kumuha ng Inhinyero o Surbeyor na Magsasagawa ng Research

Tanungin ang mga asosasyon ng pangangalakal tulad ng Land Surveyors Association (Asosasyon ng mga Surbeyor ng Lupa) o Better Business Bureau (Kawanihan ng Mabuting Pagnenegosyo) upang makahanap ng kwalipikadong propesyunal na inhinyero o surbeyor ng lupa.

Salamat sa pagggawa ng inyong bahagi para maiwasan ang pagbaha.

Para sa mga tanong tungkol sa drainage na pinapanatili ng Lalawigan, o para mag-ulat ng mga bahagi ng drainage na pinapanatili ng Lalawigan na nangangailangan ng paglilinis, mangyaring gamitin ang isa sa mga sumusunod na resource:

Online Form para Humiling ng Serbisyo

www.sandiegocounty.gov/content/sdc/dpw/roads/Roads_Service_Request

App na Tell Us Now (Sabihin sa Amin Ngayon)

www.sandiegocounty.gov/content/sdc/dmpr/gfx/appcenter/index.html

Tumawag sa (858) 694-2212

